

# Pagsusuri at Paggamot ng Hindi Aktibong Tuberculosis (TB)

Hanggang 13 milyong tao sa Estados Unidos ang posibleng mayroong hindi aktibong TB (tinatawag din na nakatagong impeksyon sa TB). Kung hindi magagamot, 1 sa 10 tao na may hindi aktibong TB ang magkakasakit ng aktibong sakit na TB, at maaaring kumalat ang TB sa iba sa pamamagitan ng hangin.

**Makakatulong ka na maiwasan ang pagkalat ng TB.**


## 1 Mag-isip Nanganganib ba akong magkaroon ng impeksyon ng TB?

**Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagpapasuri kung ikaw ay:**

ipinanganak sa o madalas na naglalakbay sa mga bansa kung saan karaniwan ang TB, kabilang ang mga nasa Asia, Africa, at Latin America



nakatira o dating nanirahan sa malalaking grupo kung saan mas karaniwan ang TB, gaya ng mga kanlungan ng walang tirahan, kulungan, o mga bilanguan.



kamakailang gumugol ng oras kasama ng isang taong may aktibong sakit na TB



may mas mahinang immune system dahil sa ilang partikular na gamot o kondisyon sa kalusugan gaya ng diabetes, kanser, at HIV



nagtatrabaho sa mga lugar na may mataas na panganib ng pagkahawa sa TB, tulad ng mga ospital, mga kanlungan ng walang tirahan, mga pasilidad ng kulungan, at mga tahanan ng pangangalaga

**Maging ang mga taong nakatanggap na ng bakuna laban sa TB, na tinatawag ding bacille Calmette-Guérin (BCG) na bakuna, ay dapat ding masuri dahil humihina ang bakuna sa paglipas ng panahon.**

## 2 Magpasuri

**Anong pagsusuri sa TB ang kailangan ko?**

May dalawang uri ng pagsusuri para sa impeksyon sa TB: **ang pagsusuri ng TB sa dugo at pagsusuri ng TB sa balat.** Ang mga pagsusuri ng TB sa dugo ang mas pinipiling paraan ng pagsusuri ng TB para sa mga taong nakatanggap na ng bakuna laban sa TB (BCG). Dapat pag-usapan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga pasyente kung aling pagsusuri ang pinakamainam.



## 3 Magpagamot

**Ano ang aking mga opsyon sa paggamot?**

Ang paggamot sa hindi aktibong TB ang pinakamainam na paraan upang maprotektahan ka mula sa pagkakaroon ng aktibong sakit na TB. Kung posible, inirerekomenda ng CDC ang paggamit ng maikli at maginhawang **3 o 4 na buwang paggamot na batay sa rifamycin** para sa hindi aktibong TB.

